

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatióibus cumque omni militia coeléstis exercitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes. — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

#### ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA sa masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang *araw* nang isilang ng walang dungis sa pagkabirhen ni Santa Mariang pinagpala ang isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria...\*

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 97:3

VIDERUNT omnes fines terræ salutáre Dei nostri.

NAKITA ng lahat ng bansa ang pagliligtas ng ating Dios.

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HÆC nos commúnio, Dómine, purget a crímine: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cæléstis remédii fáciat esse consórtes. Per eúndem Dóminum.

ANG komunyón na aming tinanggap, O Panginoon, ay makapagpalinis sa aming mga sala: at sa pamamagitan ng Mahal na Virgeng Maria, Ina ng Dios, nawa'y mapisan kami pakundangan sa makalangit na lunas na ito. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision sa Pagsasalin*

Enero 1

OCTAVA NG PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON



## KAPISTAHAN NG PAGSUSUNAT SA ATING PANGINOONG JESUCRISTO

Misa "Puer Natus"

I cl. • Doble II cl. • Puti

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is. 9:2, 6

PUER natus est nobis, et filius datus est nobis: cuius impérium super húmerum eius: et vocábitur nomen eius magni consílii Angelus. — *Ps 97:1* Cantáte Dómino cánticum novum, quia mirabilia fecit. *V.* Gloria Patri. Puer natus.

IPINANGANAK sa atin ang isang bata, at ibinigay sa atin ang isang anak na lalaki. Nasa kaniyang balikat ang pamumuno, at tatawagin siyang kahanga-hangang Anghel na Tagapayo. — *Salmo 97:1* Umawit kayo ng bagong awitin sa Poon, sapagka't gumawa siya ng kahanga-hangang bagay. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ipinanganak sa atin...

• *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui salutis aeternae, beatae Mariae virginitate fecunda, humano generi praemia praestitisti, tribue, quaesumus, ut ipsam pro nobis intercedere sentiamus, per quam meruimus Filium tuum auctorem vitae suscipere. Qui tecum vivit et regnat.

**O DIOS**, sa pamamagitan ng Virgeng Maria, ipinagkaloob mo sa sangkatuhan ang biyaya ng buhay na walang hanggan: loobin mong madama namin ang kalinga ng Mahal Ina ng Dios, yayamag sa pamamagitan niya'y tinanggap naming ang iyong Anak, na siyang Maylikha ng Buhay. Siyang nabubuhay at naghahari...

SULAT • Tit 3:4-7

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo kay Tito.

**PINAKAMAMAHAL:** Nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Dios na ating Tagapagligtas, iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y iniligtas niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo na naghugas sa atin upang tayo'y ipanganak na muli at magkaroon ng bagong buhay. Masaganang ipinagkaloob ng Dios sa atin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, upang tayo'y gawing matuwid sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob, at tayo'y maging tagapagmana ng inaasahan nating buhay na walang hanggan. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 97:3, 2; Heb. 1:1-2

VIDERUNT omnes fines terræ salutare Dei nostri: iubiláte Deo, omnis terra.

*V.* Notum fecit Dominus salutare suum: ante conspéctum géntium revelávit iustitiam suam.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Multifárie olim Deus loquens pátribus in Prophétis, novíssime diébus istis locútus est nobis in Fílio. **Alleluia.**

**NAKITA** ng lahat ng bansa ang pagliligtas ng ating Dios: madiwang kayo sa Dios, kayong sangkalupaan!

*V.* Ipinakilala ng Panginoon ang kaniyang kaligtasan. Ang kaniyang katarungan ay inihayag niya sa lahat ng mga bansa.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Noong una, ang Dios ay nagsalita sa iba't ibang panahon at sa sari-saring paraan sa ating mga ninuno gamit ang mga propeta. Sa huling mga panahong ito ay nagsalita sa atin sa kaniyang Anak. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 2:21

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Pagsapit ng ikawalong araw, ang sanggol ay tinuli at pinangalanang Hesus, ang itinawag sa kanya ng anghel bago pa siya ipaglihi. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 88:12, 15

TUI sunt coeli et tua est terra: orbem terrárum et plenitúdinem ejus tu fundásti: justítia et judícium præparátio sedis tuæ.

**SA IYO** ang sangkalangitan at ang sangkalupaan; ang sansinukob at ang lahat ng nasa kaniya ay iyong itinatag. Katuwiran at tamang kahatulan ang batayan ng iyong luklukan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

MUNERIBUS nostris, quæsumus, Dómine, precibúsqe suscéptis: et coeléstibus nos munda mystériis, et cleménter exáudi. Per Dóminum.

**TANGGAPIN** Mo ang aming mga alay at panalangin, Panginoon; linisin mo kami sa pamamagitan ng mga misteryong makalangit at sa iyong habag, pakinggan mo kami. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO SA PASKO NG PAGSILANG

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus:

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan, at walang hanggang Dios.

Quia per incarnáti Verbi mystérium nova mentis nostræ óculis lux tuæ claritátis infúlsit: ut, dum visibíliter Deum cognóscimus, per hunc in invisibílium amorem rapiámur.

Sapagkat sa hiwaga ng pagkakatawang-tao ng Salita, tumanglaw sa aming isipan ang liwanag ng iyong kaluwalhatian. Samantalang siya'y kinikilala naming Dios na nakikita, kami'y sana'y masintahing akayin niya sa mga bagay na di-nakikita.